

## MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# "Philippines Area 2014 Broadcast – Pagpapabilis ng Gawain ng Panginoon."



Ni Elder
Brent H. Nielson
Philippines Area President

Sa pagsisimula ng ating area broadcast, gusto naming tiyakin na mababanggit ang nangyari noong isang taon, ang trahedyang naganap sa Tacloban at sa Bohol na nakaapekto sa mga isla ng Cebu at Panay at Negros. Gusto naming malaman ninyo na mga nakatira sa mga lugar na iyan na mahal namin kayo. Nag-alala kami sa inyo. Binisita namin kayo. Umaasa kaming patuloy na makatulong sa inyo sa sama-sama nating paggawa upang malampasan ang hirap na dinanas ninyo. Sana batid ninyo ang malaking pagmamahal at pagpapahalaga namin sa inyong lahat. Gaya ng nasabi ko, nagpapasalamat ako sa dalawa kong counselor, sina Elder Ardern at Elder Echohawk. Pambihira ang mga lalaking ito at tinutulungan nila tayo sa gawaing ito. Lalo naming pinasasalamatan ang ating 10 Area Seventy. Pinasasalamatan namin ang mabubuti nilang gawa at palagi ninyo silang nakikita na bumibisita sa inyong mga stake at district.

Nais kong malaman ninyo na nasa isipan ko kayong lahat. Sa paglalakbay namin sa buong Pilipinas, nagpupunta kami mula Laoag hanggang Mindanao. Nagpupunta kami sa silangang baybayin sa Samar at Naga at Legaspi Mission, hanggang sa Palawan. Habang ginagawa namin iyan nakikilala namin ang lahat ng mababait na banal sa Pilipinas. Napakadakila ng grupo ng mga taong narito. Labis ang pasasalamat namin sa inyo at sa ginagawa ninyo. Rerebyuhin natin ang progreso natin nitong nakaraang taon at kung ano ang gagawin natin sa darating na taon. Sana habang ginagawa natin iyan ay makita ninyo ang malaking tagumpay na dumating dahil sa inyong mga pagsisikap, dahil sa dakilang gawaing nangyayari sa bawat ward at branch ninyo. Nagpapasalamat kami sa mga himalang

| | 2012 | 2013 |
|---|---|---|
| Missionaries – Worldwide | 53,000 | 83,000 |
| Missionaries – Philippines | 1,793 | 2,480 |
| Missions | 17 | 21 |

dumating sa atin sa Pilipinas ngayong taon.

Simula nang magkita-kita tayo noong isang taon pinabilis na ng Panginoon ang Kanyang gawain sa paraang hindi natin sukat-akalain. Maaalala ninyo na noong isang taon, sa panahong ito ay kababalita lang ni Pangulong Monson ng pagbabago sa edad ng mga missionary. Ang mga binata ay makapagmimisyon na sa edad na 18 at ang mga dalaga sa edad na 19. Nang ibalita iyan ni Pangulong Monson, may 53,000 missionary tayong naglilingkod sa buong mundo, ngayon ay 83,000 na ito. Aakalain ba ninyong madaragdagan ng 30,000 ang mga missionary noon lang isang taon?

Ang nakakatuwa, ganyan din ang nangyari dito sa Pilipinas. Noong isang taon sa panahong ito, may 2,600 missionary tayong naglilingkod dito sa Pilipinas. Ngayon, 4,300 na sila. Karagdagang 1,700 mga missionary na naglilingkod ngayon. Nakita na ninyo sila sa inyong mga ward at branch kung saan 2 missionary lang dati ang naglilingkod. Ngayon, ang ilan sa inyo'y may 4 o 8 missionary na naglilingkod sa inyong ward at branch. Pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain. Noong isang taon sa ganito ring panahon, may 17 mission tayo sa Pilipinas, ngayo'y 21 na. Nakikita ninyong nangyayari ito sa ating paligid. Hindi na katulad ng dati ang ating gawain. Pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain, at kailangan din nating gawin iyon sa pagsulong natin sa ating mga ward at branch. Sa pagrerebyu natin sa nakaraan, makikita natin ang kamay ng Panginoon sa paghahanda natin para sa hinaharap. Sana'y makinig kayo, at itanong sa sarili ninyo, "Ano ang magagawa ko ngayong taon para makibahagi sa gawain ng kaligtasan? Ano ang magagawa ko para mapabilis ang gawain ng Panginoon sa aking ward o branch?" Kapag ginawa natin iyan, makakakita tayo ng mga himala sa Pilipinas.

**Pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain, at kailangan din nating gawin iyon sa pagsulong natin sa ating mga ward at branch.**

Sana'y malaman ninyo na mahal namin kayo. Nagpapasalamat kami para sa lahat ng magandang ginagawa ninyo. Inaasam naming magkaroon ng isa pang magandang taon sa pagsisimula natin sa taong 2014. ■

# Area Broadcast – 2014
# Pagrepaso sa Area Goals Noong 2013

Ni Elder Larry J. Echo Hawk
Philippines Area Presidency

Ang patatakda ng mga mithiin ay tumutulong sa lahat na matuon sa hangarin nating isulong ang gawain ng kaligtasan dito sa Pilipinas.

Ganitong panahon noong isang taon, binanggit namin ang mga mithiing pagtutuunan natin sa taong 2013. Ang mga poster na nagpapakita sa mga mithiing ito ay idinispley sa mga meeting house sa buong Pilipinas.

Ang pinakasentro ng ating mga mithiin ay matatagpuan sa 2 Nephi 32:3: **"Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin."**

Kapag binabasa, pinagninilayan, at sinasaliksik natin ang mga salita ng Diyos sa mga banal na kasulatan, at sa mga salita ng mga propeta, tumatanggap tayo ng personal na paghahayag sa ating sarili at sa ating pamilya.

Mithiin natin na **"Palakasin ang mga Pamilya."** Ang mga salita ni Jesucristo, at ng Kanyang mga propeta, ay nagtuturo na dapat manalangin tayong kasama ang ating pamilya at aralin ang banal na kasulatan araw-araw, at mag-Family Home Evening linggu-linggo. Bawat miyembro ng pamilya ay napalalakas kapag may sarili silang aklat dahil napag-aaralan nila ito nang personal.

Napalalakas din ang pamilya kapag sila ay nag-aayuno at nagbabayad ng bukas-palad na handog-ayuno at buong ikapu.



Itinuro ni Elder Richard J. Maynes, dating Philippines Area President na:

"Ang pag-aaral, pagtuturo, at pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating tahanan ay lumilikha ng kapaligirang matatahanan ng Espiritu. Sa pagpapasimula ng mga sagradong tradisyong ito sa ating tahanan, madaraig natin ang mga maling tradisyon ng mundo."

Ang susunod na mithiin ay **"Itatag ang Simbahan."** Nang dumalaw si Jesucristo sa mga tao ng Aklat ni Mormon itinuro Niya sa kanila na:

"kung sila ay magsisisi at makikinig sa aking mga salita, at hindi patitigasin ang kanilang mga puso, itatatag ko ang aking simbahan sa kanila, at sila ay makikipagtipan at ibibilang sa mga ito na labi ni Jacob, kung kanino aking ibinigay ang lupaing ito . . ." 3 Nephi 21:22


Upang tunay na maitatag at mapalakas ang simbahan sa Pilipinas bahagi ng ating mithiin na dagdagan ang bilang ng mga Melchizedek Priesthood holder; dagdagan ang bilang ng dumadalo sa ating mga sacrament meeting; at pagpalain ang mga indibiduwal at pamilya sa pagdami ng mga temple recommend holder.

Sa mithiin nating **"Iligtas ang Darating na Henerasyon,"** hangad nating damihan ang mga kabataang lalaking nasa misyon; damihan ang dumadalong mga Young Single Adult; at dumami ang mga young adult na ikakasal sa templo.

Sa huli nating mithiin hangad nating **"Sagipin ang Nawawala."**

Si Tad R. Callister, isa sa Seven Presidents ng Seventy, ay naatasang pangasiwaan ang gawain ng kaligtasan sa Pilipinas. Sa Pangkalahatang Kumperensya ng Abril 2013 sinabi ni Elder Callister:

"Ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang pinakamahalagang misyon sa ganitong salita: "Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang iligtas ang nawala.' (Mateo 18:11) Kung prayoridad ng Tagapagligtas na sagipin ang nawawala, kung prayoridad iyon ni Pangulong Thomas S. Monson, tulad ng makikita sa buong buhay niya, hindi ba dapat ito rin ang prayoridad ng bawat lider, bawat miyembro ng Simbahang ito? . . . bilang pangunahing bahagi ng




ating paglilingkod, dapat matuon ang ating pamumuno sa masigla, matindi, at walang humpay na determinasyong hanapin ang nawawala at ibalik sila."

Kasama sa ating mithiin na "Pagsagip" ang paghiling sa bawat miyembro na sagipin ang isa pang miyembro, at bawat ward council ay dapat maghanda at maglista ng 15 pangalan na gagawing aktibo ng mga miyembro para maturuan ng mga missionary.

Ang mga ibinunga ng pagsisikap nating makamit ang mga mithiing ito sa taong nakalipas ay nakakatuwang makita!

Sama-sama nating tingnan ngayon ang mga nagawa ng mga miyembro at missionary dito sa Pilipinas:

Sa pagsisikap nating itatag ang simbahan, nadagdagan ang mga dumadalo sa sacrament meeting nang mahigit 11,000 simula 2010. Sa unang 3 quarter ng 2013, nadagdagan ito ng mahigit 3,300 dahil sa pagtutulungan nating ibahagi ang ebanghelyo at ibalik ang mga di-gaanong aktibong miyembro.

Natutuwa rin tayo sa progresong nagawa natin sa ating mga aktibong Melchizedek Priesthood holder. Makikita ninyo na sa nakalipas na 3 taon at 9 na buwan nadagdagan ang dumadalo sa kanila ng halos 4,000 at sa unang 3 quarter ng 2013 umabot nang halos 1,000 ang nadagdag.

Sa mithiin nating dagdagan ang mga full tithe payer sa Pilipinas, makikita ninyo na ang ating mga endowed adult na may recommend ay nadagdagan sa nakalipas na 3 taon nang halos 4,000 at sa unang 3 quarter ng 2013 nadagdagan ito nang mahigit 2,000. Kahanga-hanga ang bunga ng inyong pagsisikap. Sa hangarin nating Iligtas ang Darating na Henerasyon, makikita ninyo na sa unang 3 quarter ng 2013 pa lang, nadagdagan na natin ang mga kabataang lalaking nasa misyon nang mula sa mahigit 400 hanggang 1,750.

Kapag pinagsama natin ang mga kabataang lalaki at babae, ang bilang ng mga Filipino missionary ay nadagdagan ng mahigit 600 sa 2013. Ang kabuuang bilang ngayon ng mga Filipino missionary ay 2,425. Natutuwa rin kaming ireport na dumarami pa ang ating mga kabataan na nabubuklod sa templo. Sa unang 3 quarter ng 2013 ang bilang ng magkasintahan at mag-asawang ibinuklod sa templo ay nadagdagan nang halos 1,200.

Ang ating mga Young Single Adult na dumadalo sa mga miting sa nakalipas na tatlong taon ay nadagdagan ng mahigit 2600.

Kapag tayo ay nagkakaisa, nagtutulungan, at nakatuon sa iisang mithiin, ang maisasagawa natin ay totoong pambihira!

Sa D at T 6:6: Iniutos sa atin ng Panginoon na "hangaring ihayag at itatag ang kapakanan ng Sion." Ang Sion ay tumutukoy sa mga tao ng Panginoon na iisa ang puso at isipan at namumuhay sa kabutihan. Maitatatag natin ang Sion sa pagkakaroon ng pagkakaisa at espirituwal na lakas sa ating mga tahanan, ward, branch at komunidad.

Mosias 18:21: "At sila ay inutusan niya na hindi nararapat na magkaroon ng pakikipag-alitan sa isa't isa, sa halip sila ay tumingin sa iisang layunin, na may iisang pananampalataya at iisang binyag, na ang kanilang mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa."

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "[Kapag pinakikinggan natin ang isa't isa], hinahangad ang patnubay ng Espiritu, at nagkakaisa sa paggawa, tumatanggap [tayo] ng

inspirasyon na malaman kung paano tutugunan ang mga pangangailangan ng bawat tao at mga pamilya."

Sa pagtatapos, salamat sa inyong lahat sa mga naisagawa ninyo para makamtan ang ating mga mithiin sa taong 2013. Nawa'y patuloy tayong bigyang-inspirasyon ng Panginoon na magtakda ng mga mithiin para sa 2014 at pag-ibayuhin ang ating mga pagsisikap na isagawa ang "Ang Gawain ng Kaligtasan" sa Pilipinas.

Ito ang patotoo ko, na ang ating Ama sa Langit ay nagkaloob sa atin ng dakilang Plano ng Kaligtasan. Isinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang lumikha ng landas tungo sa buhay na walang hanggan at kaligayahan sa piling ng ating mga pamilya. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ibinalik sa mundo sa mga huling araw na ito. Si Jesucristo ang namumuno sa simbahang nagtataglay ng Kanyang pangalan: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang buhay na propeta ng Panginoon, si Thomas S. Monson, ang gumagabay sa Simbahang ito ngayon, kasama ang 14 na mga Apostol.

Ito ang aking patotoo sa pangalan ni Jesucristo. Amen. ■

Area Broadcast – 2014

# Ang Philippines Area Goals sa 2014

Ni Elder Ian S. Ardern
Philippines Area Presidency



Halos napuntahan na namin ni Sister Ardern ang iba't ibang lugar sa Pilipinas … bagama't hindi kami nakapunta sa Zambonga dahil sa mga pangyayari roon … at ikinatuwa namin na makasama kayo sa inyong mga chapel at sa tahanan ng ilan sa inyo. Ito ang ikatlong pagkakataon na magsasalita ako sa buong bansa na ibig sabihin ay nasasanay na rin kayo sa aking New Zealand accent.

Ibinahagi sa inyo ni Elder Echo Hawk ang mga nagawa at kaisa ako ng iba pang miyembro ng Area Presidency sa pasasalamat sa inyo sa nagawa ninyo hanggang sa mga sandaling ito ngunit huwag tayong tumigil sa pagsulong; napakarami pang dapat gawin.

Sa layuning ito binago namin nang kaunti ang Area Goals para sa 2014.

Ang heading na ngayon ay "Ang Gawain ng Kaligtasan." Hindi natin maaaring isipin na ang ginagawa ng Simbahan upang madala ang lahat kay Cristo at tulungan ang pamilya ay nahahati sa magkakahiwalay na bahagi, na ang isang bahagi ay para sa gawaing misyonero, ang isa ay sa gawain sa Templo at Family History at ang isa pa ay para sa pagpapalakas ng mga pamilya. Lahat ng ginagawa ng Simbahan ay nasa ilalim ng malawak na pamagat na gawain ng kaligtasan.

Ang kasunod na linya ay nagpapakita na ito ang mga mithiin para sa Philippines Area. Ito ay hindi mga mithiin para sa Pacific o Asia area, ito ay mga mithiin natin, at sa atin ito at dahil atin ito pinagsisikapan natin ito. Magiging interesado kayong malaman kung paano naitakda ng Area Presidency ang mga mithiing ito. Ayon sa ating doktrina, matapos tayong taimtim na magdasal ay magagabayan tayo sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng Espiritu Santo at lubos kaming naniniwala na ginabayan kami sa pagtatakda ng mga mithiing ito. Tumanggap kami ng mungkahi mula sa 10 nating Area Seventy at pagkatapos ay pinag-usapan ang mga ito kasama ang isang miyembro ng Labindalawang Apostol na tumulong sa amin na mapagbuti pa ito. Bawat isa at lahat ng salita na ginamit sa goal sheet ay pinag-isipang mabuti para maging matindi ang epekto nito.

Tulad ng lahat ng mabubuting

mithiin may petsa ito kung kailan sisimulan at tatapusin. Mapapansin ninyo na ang mga mithiin ay para sa 2014 kaya ang gawain sa taon na ito ay magtatapos sa tinatawag ni Manny Pacquiao na katapusan ng 12th round at para sa atin ito ay sa katapusan ng Disyembre. At oo, upang maabot ang mithiing ito dapat maging masigasig tayong gaya ni Pacquiao at hindi lamang sa iilang round kundi sa bawat buwan ng taon.

Suriin natin ang pinakasentro at pangunahing nag-uugnay at pagkatapos ang bawat isa sa apat na mithiin.

**Pagbabasa ng Banal na Kasulatan:** Ito ang ikatlong beses na nakita ninyo ang tinatawag kong pinakasentro at pangunahing nag-uugnay. Dahil hindi ito binago sa loob ng tatlong taon, ipinapakita ang kahalagahan ng mithiing ito. Lahat ng ginagawa natin sa ating pamilya at sa Simbahan ay nakatuon kay Cristo at sa kanyang misyon at mensahe at iyan ang dahilan kaya inilagay ito sa gitna ng ating goal poster. Ang Kanyang mga salita at gawa ay nagtuturo sa landas na dapat nating tahakin at mababasa natin ito sa mga banal na kasulatan. Magpakabusog kayo sa mga ito at makikita ninyo ang inyong espirituwal na kahandaan para makayanan ang mga pagsubok. Napakaraming kabutihan ang dulot sa atin ng araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan. Pinalalakas nito ang ating espirituwalidad, pinatatatag ang ating patotoo, nagbibigay ng solusyon sa mga problema, ipinapaliwanag ang ating doktrina at alam ninyo batay sa inyong karanasan na marami pa itong naitutulong. Inaanyayahan namin kayong muli na makiisa sa amin sa pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo. Basahin at pag-aralan ang salita ng Diyos ayon sa inyong iskedyul ngunit huwag sanang ipagkait sa inyong sarili ang mahalagang pagkakataong ito.

At dumako naman tayo sa apat na mithiin na nasa ating goal sheet. Hindi lamang ang nakasulat ang mahalaga kundi ang pagkakasunod nito.

**Palakasin ang mga Pamilya:** Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ito ay napakahalagang yunit sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Bago pa man tayo isilang sa mundong ito ay bahagi na tayo ng isang pamilya. Bawat isa sa atin ay minamahal na anak na lalaki o babae ng mga magulang sa langit. Ang mga pamilya ay itinatag bilang bahagi ng plano ng Ama sa Langit na mabigyan tayo ng kaligayahan at matulungan tayong maghanda para sa buhay na walang hanggan. Alam ko na hindi lahat ng pamilya na nakikinig sa akin ay masaya ngunit alam ko rin na lahat ng pamilya na tunay na tumatanggap kay Cristo at sumusunod sa Kanyang mga turo ay magiging masaya. Ang kaligayahan sa pamilya ay nadaragdagan kapag nagdarasal ang pamilya, nag-aaral ng banal na kasulatan, nagdaraos ng family home evening at naibuklod sa templo. Hinihikayat namin kayo na pangalagaan ang inyong sariling pamilya at tanungin ang sarili tungkol sa apat na bahaging binanggit sa ilalim ng "Palakasin ang mga pamilya." Kung nakita ninyong hindi ninyo nagawa ang isa sa mga ito, gumawa ng paraan na magawa ito at gawin na ito ngayon! Huwag hayaang hadlangan ng pagpapaliban ang progreso ng pamilya. Ang pagbabago para mas magawa nang mabuti ang isa sa mga mithiing ito ay magdudulot ng ibayong kaligayahan sa pamilya.

**Itatag ang Simbahan:** Maaaring magtaka kayo pagkakita sa mithiing ito. Itatag ang Simbahan … hindi ba't naitatag na natin ang ating mga sarili bilang Simbahan dito 52 taon na ang nakalipas sa muling paglalaan ni Pangulong Hinckley sa bansang ito at sa pagdating kalaunan ng apat na missionary? May pagkakaiba sa pagiging kabilang rito at pagkakatatag kumpara sa maraming lugar na hindi pa tayo naitatatag. Upang masabing tunay na naitatag ang Simbahan kailangang ito ay totoong may pag-unlad na ibig sabihin ay lalong sumisidhi ang katapatan



ng ating mga miyembro sa mga tipan. Dama namin bilang Area Presidency na kung pagtutuunan ng pansin ang pagtaas ng bilang ng mga Melchizedek Priesthood holder na aktibo at nagbabayad ng buong ikapu, magbibigay ito sa atin ng lakas habang itinatatag natin ang Simbahan.

**Isipin ang mga kabutihang idudulot ng mithiing ito.**

1. Mas marami nang ama ang igagalang ang kanilang mga tipan sa Priesthood sa tahanan na mangangahulugan ng mas malakas na mga pamilya
2. Ang mga dungawan ng langit ay mabubuksan at ibubuhos ng Panginoon ang mga pagpapala na wala silang sapat na silid na paglalagyan
3. Darami ang mga taong maaaring mamuno at mangasiwa sa Simbahan
4. Mas maraming temple recommend holder, na ibig sabihin mas maraming pamilya ang mabubuklod

Hangad namin na matamasa ng lahat ang mga pagpapala ng pagbabayad ng buong ikapu. Ang pokus natin ay magkaroon ng mas marami pang aktibong Melchizedek Priesthood holder na nagbabayad ng kanilang ikapu, kaya mga kapatid, kung hindi pa kayo kabilang dito, ngayong gabi na ang pagbabago. Pagkakataon ito para ibigay ang lahat ng inyong makakaya, madaig ang kaaway, bumangon at manindigan bilang lubos na aktibong Melchizedek Priesthood holder na nagbabayad ng ikapu. Kung kailangan ninyo ng tulong, tingnan kung sino ang taong nariyan para sa inyo. Iyon ay ang inyong Elders' Quorum President at inyong bishop. Nananawagan kami sa lahat ng branch at ward na gumising at bumangon nang sa gayon ay mas lubos pa nating maitatag ang Simbahan sa Pilipinas sa susunod na labindalawang buwan.

**Iligtas ang Darating na Henerasyon:** Sa pagkakita sa bahaging ito ng Mga Mithiin ng Area iisipin ninyo kung sino ang darating na henerasyon? May tatlong talata tungkol sa 'darating na henerasyon' sa Aklat ni Mormon at isa sa Doktrina at mga Tipan. Ito ay tumutukoy sa ating panahon, tulad sa panahon sa Aklat ni Mormon, sa mas nakababata na kilala sa Simbahan bilang mga Young Single Adult. Dahil dito, hindi natin maikakaila ang katotohanan na ang kabataang lalaki at babae ay kabilang din sa darating na henerasyon. Umaasa tayo na hindi lamang sila lumalaki at nagkakaedad kundi nangingibabaw rin sa mundo dahil sa kanilang kabutihan. Maitatanong natin kung mula saan ililigtas ang mga kabataang ito at malinaw na makikita natin ang sagot sa banal na kasulatan. Sila ay kailangang iligtas mula sa nag-aapoy na mga sibat ng kaaway.

Ang pagliligtas ay nagsisimula sa tahanan na may malakas na suporta ng pamilya at tulong ng Simbahan. Kailangan natin ang marami sa henerasyong ito na maging aktibo sa pakikibahagi sa



mga ordenansa ng ebanghelyo. Isa sa mahahalagang pundasyon para manatiling aktibo ang mga kabataang lalaki (mas nananatiling aktibo ang kabataang babae) ay magsimula nang maaga sa paghahanda na tuparin ang mga obligasyon nila sa Priesthood upang makapagmisyon. Gusto ko ang kuwento ng ama at inang ito at kanilang lolo, si President Cabrito ng Baguio Stake, na gumawa ng alkansyang kawayan para sa kanyang apo para masimulan nito ang pag-iimpok para sa kanyang misyon. Si Elijah ay apat na taong gulang lang pero dahil sa alkansyang kawayan hangad niyang maglingkod.


Patuloy ang pagdami ng Young Men na naglilingkod pero mas marami pa tayong magagawa. Ang mga naglilingkod ay maliit na porsyento lang ng magagawa natin at hiling namin sa inyo mga kapatid na maging marapat at manatiling marapat na maglingkod. Ito ay isa sa mga bagay na pagpapasiyahan, mga kapatid, at kailangang ibigay ninyo ang lahat sa abot-kaya ninyo. Mga kabataang lalaki, panahon na upang mangakong

maglingkod nang marangal sa misyon. Manatiling karapat-dapat sa napakaganda at napakabuting karanasang ito. Naglingkod ako sa aking unang misyon apatnapung taon na ang nakararaan at dahil dito ay napagpala ang buhay ko at ang buhay ng pamilya ko. Huwag ipagkait sa sarili ang napakahalagang pagkakataong gampanan ang inyong tungkulin.

At ngayon para sa kababaihan. Makikita ninyo sa mithiing ito na ang aming pokus ay mapapunta sa misyon ang kabataang lalaki pero huwag isipin na binabale-wala namin kayo. Kung hangad ninyong maglingkod kayo ay tinatawag sa gawain at malugod namin kayong tinatanggap. Ang karanasan ko bilang Mission President ay nagturo sa akin na napakahalaga ng mga sister missionary.

## Ibahagi ang Ebanghelyo at Sagipin ang Nawawala:

Ngayon naririnig natin ang panawagan ng buhay na mga propeta na pabilisin ang gawain ng kaligtasan at sa bahaging ito ng ating mga mithiin ay binibigyang pansin namin ang pagpapadami ng mabibinyagan at pagsagip sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga missionary at miyembro. Responsibilidad ng bawat miyembro na ibahagi ang ebanghelyo sa mga kaibigan at kakilala nila. Hindi lahat ng pagbabahagi ay nagbubunga ng binyag ngunit hindi ito dahilan upang huwag kumibo at kumilos tungkol sa pagiging miyembro ninyo sa ibinalik na Simbahan ni Cristo. Medyo takot ang marami sa atin na ibahagi sa iba ang pinagmumulan ng ating kaligyahan ngunit ang Area Presidency ay nakikiisa sa namumunong Mga Kapatid sa




Simbahan sa pag-anyaya sa inyo ngayon na alisin ang takot at punuin ito ng pananampalataya kay Cristo at ng Kanyang kakayahang tulungan kayo na ihanda ang iba para maturuan ng mga missionary. Hangad ng lahat ng missionary sa Pilipinas na mapuno ang kanilang daily planner ng mga tuturuan na mga kaibigan ninyo tungkol sa dakilang plano ng kaligayahan at inaanyayahan namin kayo na papangyarihin ito. Bumaba ang bilang ng mga binyag sa nakaraang ilang taon at dahil sa pagsisikap nating sagipin ang nawawala inaasahan na ito. Ito ang kabayaran na handa nating tumbasan para dumami ang bilang ng dumadalo sa ating sacrament meeting ngunit dapat nang mahinto ang patuloy na pagbaba at pataasin ito.

Magpapatuloy ang pagsagip dahil napakaraming naligaw na kailangang ibalik. Sa layuning ito hiniling namin sa mga missionary na muling makiisa sa inyo sa taong ito sa pagsagip sa nawawala. Limampung porsyento ng kanilang oras ang iuukol sa paghahanap at pagtuturo ng bagong mga investigator at ang natitirang porsyento ay sa pagsagip sa nawawala.

Sa dalawang bahaging ito ng gawaing misyonero mahalaga ang gagampanan ng mga branch at ward council. Ang mga council na ito ay dapat may minimum na 15 pangalan ng mga tao sa buong taon na tutulungan nilang mabinyagan at masagip. Mga Bishop at Branch President, sa paggamit ninyo ng New and Returning Member report sa inyong mga council meeting inilalahad ninyo ang landasin ng mahahalagang kaluluwang ito upang makarating sa templo. Ngayon ay nakita na ninyo ang mga bahagi ng mga mithiin na magkakasama na. Kapag nakita ninyo ang mga goal poster sa ating mga chapel umaasa ako na mas mauunawaan ninyo ang mga ito at kung bakit pinili ang mga ito. Inaanyayahan namin kayo na makiisa sa amin upang ang 2014, mula simula hanggang matapos, ay maging pinakamasaya at pinakapinagpalang taon habang nakatuon tayo sa lahat ng aspeto ng gawain ng Kaligtasan sa Pilipinas. ■



Area Broadcast – 2014

# Pagsulong



Ni Elder
Brent H. Nielson
Philippines Area
President

Sa nakikita ninyong nangyayari sa Pilipinas, wala tayong magagawa kundi tumigil at bilangin ang maraming pagpapalang nasa atin dahil sa magagandang nangyayari dito. Muli namin kayong pinasasalamatan sa lahat ng nagawa ninyo at sa maraming pagsisikap ninyo. (At) Umaasa kami sa maganda nating hinaharap.

Habang iniisip ko ang landas sa ating harapan, at ang katotohanan na pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain sa paraang ngayon lang natin nakita, naisip ko ang aking lolo-sa-tuhod. Ang pangalan ng aking lolo ay Gordon David Haight. Noong 17 anyos siya, tumira siya sa Nauvoo, Illinois, at nakilala niya si Propetang Joseph Smith. Matapos paslangin si Propetang Joseph Smith, siya at ang kanyang pamilya ay naglakbay pakanluran papunta sa Salt Lake City. Naging napakahusay niya sa pag-aalaga ng mga kabayo at baka. (At) Nagsimula siyang gumawa ng sarili niyang mga bagon at nagkaroon ng sariling mga kabayo at baka. Sa paglipas ng mga taon ang mga banal mula sa Nauvoo, Illinois, ay nagdatingan sa Salt Lake City, Utah at ang aking Lolo Haight ay 14 na beses tumawid ng kapatagan. Sa kanyang mga journal ay isinulat niya ang mga karanasang iyon, at binanggit ang mga natutuhan niya sa mga paglalakbay na iyon. Para sa akin, ang isa sa pinaka-nakakatuwang bahagi ng mga paglalakbay na iyon patawid ng kapatagan ay dumarating kapag inisip natin ang nangyari sa paglalakbay na iyon.



Ang Mormon trail mula Nauvoo, Illinois, hanggang Salt Lake City, Utah. Ang Mormon trail na iyon ay sumakop ng 2,092 kilometro. Karaniwan, ang mga banal na tumawid sa kapatagan ay nakasumpong ng patag na mga daanan kaya madali silang nakatawid. Mayroong patag ang lugar na ito kaya



# the caravan Moves On

madali silang nakatawid at 1,670 kilometro ang sakop nito. Ang totoo, halos buong paglalakbay papuntang Salt Lake City ay patag ang daan. Hindi alam ng mga banal na dumarating sa unang pagkakataon na ang pinakahuling 300 kilometro ang pinakamahirap. Pagdating ng mga banal sa Wyoming, at pagsapit nila sa mabatong gulod, nalaman nila na kailangan nilang akyatin ang isang bundok na 2,560 metro ang taas. Sa tuktok ng malaking bundok, iyon ang taas nito mula sa lupa. Pagdating ng mga pioneer at inakyat nila ang bundok na ito, naging napakahirap niyon lalo na para sa kanila na nasa katapusan ng paglalakbay na ito.

Lubhang nahirapan ang mga banal na pioneer na malagpasan ito. Maaaring madama natin na talagang nagpakahirap tayong tawirin ang kapatagan. Maaaring madama natin na nalagpasan na natin ang 1,670 kilometro at ginawa natin ang lahat para lang malaman ngayon na pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain sa paraang hindi natin sukat-akalain. Para lang malaman ngayon na kailangan nating akyatin ang isang bundok na 2,560 metro ang taas para marating ang ating pupuntahan. Malaking hamon ito. Kailangang gawin natin ang lahat para dito. Kailangan pa nating magpakasipag. Kailangan pa nating magpakatalino. Kailangan nating dagdagan ang ating pagsisikap nang higit kaysa rati. Sa paggawa nito, pagpapalain tayo ng Panginoon sa mga paraang hindi natin sukat-akalain.

Sana makita ninyo na napakataas na ng pamantayan ng Ama sa Langit sa paglilingkod. May anak akong lalaki na kung minsa'y nagsasawa na sa mga kuwento tungkol sa mga pioneer at sinasabing "'Nay, 'Tay, bakit po kayo laging nagkukuwento tungkol sa mga pioneer?" At isang araw, nakaisip ako ng magandang isasagot sa kanya. Nagkukuwento kami tungkol sa mga pioneer dahil ang naunang mga miyembrong ito ng ating simbahan ang nagtakda ng napakataas na pamantayan ng paglilingkod at napakahirap gawin, kaya walang sinuman na makapagsasabi kapag may ipinagawa sa atin na, "napakahirap naman niyan." Walang sinumang nahilingan ng gayon kahirap na gawain, dahil nagtakda sila ng napakataas na pamantayan kaya tayo'y nag-uunat para magawa iyon.

Ngayon, pagkatapos ng malaking tagumpay natin sa Pilipinas, madaling sabihing, "Aba, nagsikap tayo nang husto at iyan ang inaasahan ng Panginoon." Samantalang ang totoo ay may mga bundok na aakyatin, may mga ilog na tatawirin at may malaking gawain tayong gagawin. Kailangan natin ngayong magsikap nang husto. Sana kapag pinag-aralan ninyo ang mga mithiing itinakda, at sa nakikita ninyo na pagpapabilis ng Panginoon sa Kanyang gawain, paparito kayo at makikiisa sa amin. Na paparito kayo at makikiisa sa amin sa kagila-gilalas na pagkakataong ito na patuloy na itayo ang



simbahan sa Pilipinas. Umaasa kami sa napakagandang taon ng 2014. Inaasam namin ang pagkakataong magsama-sama tayo, at patuloy na gawin ang gawain ng Panginoon. Inaasam naming makita na kaisa tayo ng buong daigdig sa pagpapabilis ng gawain ng Panginoon sa buong mundo.

Habang iniisip ko ang ating gawain dito, at ang mga pioneer na ito na nagpasimula ng simbahan noong unang panahon, naisip ko ang magandang mensaheng ito ni Bruce R. McConkie, noong Oktubre ng 1984. Habang ibinabahagi ko sa inyo ang pinakahuling bahagi ng kanyang mensahe, nais kong pag-isipan ninyo ang gawain natin dito sa Pilipinas. Itinutulad ni Elder McConkie ang gawain ng Panginoon sa isang caravan ng mga pioneer na tumatawid sa kapatagan. Nais kong pag-isipan ninyo ang kaugnayan ng ating gawain sa mga pioneer na nagpasimula ng simbahan noong panahong iyon.

Narito ang sinabi ni Elder McConkie.

"Ang Simbahan ay parang isang malaking caravan—organisado, handa, sinusundan ang isang itinakdang daan, na may mga kapitan ng sampu-sampu at ng daan-daan sa lahat ng dako.

Ano naman kung kagatin ng ilang tumatahol na mga aso ang sakong ng pagod na mga manlalakbay? O kainin ng mga maninila ang ilang pumanaw sa daan? Magpapatuloy ang caravan.

May bangin bang tatawirin, malusak na putikang daraanan, matarik na bundok na aakyatin? Sige lang. Malalakas ang mga baka at matatalino ang mga kabayo. Magpapatuloy ang caravan.

May mga unos bang mananalanta sa daan, mga bahang tatangay sa mga tulay, mga disyerto at ilog na tatawirin? Ganyan ang buhay sa mundong ibabaw. Magpapatuloy ang caravan.

Nasa unahan ang selestiyal na lungsod, ang walang-hanggang Sion ng ating Diyos, kung saan lahat ng nanatili sa kanilang kinaroroonan sa caravan ay makakakain at makakainom at makapagpapahinga. Salamat sa Diyos at patuloy ang caravan!"

Umaasa at dumadalangin ako, mga kapatid, na simulan nating akyatin ang mabatong gulod tungo sa malaking bundok, nang malaman natin na patuloy ang caravan. Na tayo'y sama-samang magkaisa, upang patuloy na isulong ang gawain sa Pilipinas. Na pabilisin natin ang gawain sa paraang hindi pa natin nakikita kailanman. Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo na ang Diyos ay buhay. Na ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Na tayo'y pinamumunuan ng buhay na propeta ngayon na si Thomas S. Monson na buong puso kong sinusuportahan. Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo na nananawagan siyang pabilisin natin ang gawain ng ating Ama sa Langit. Ibinabahagi ko ang patotoong ito at ang aming pagmamahal sa inyong lahat na mga banal sa buong Pilipinas. Ibinabahagi ko ito sa inyo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

# "THE WORK OF SALVATION"
## PHILIPPINES AREA GOALS 2014



### Strengthen Families
Every family to hold daily family prayer, scripture study, home evening and be sealed in the temple.



### Establish the Church
Increase the number of active, full tithe paying Melchizedek Priesthood holders from __________ to __________.

**FEAST upon the WORDS of CHRIST, for behold, the words of Christ will tell you all things what ye should do.**
2 Nephi 32:3



### Save the Rising Generation
Increase the number of young men serving full time missions from __________ to __________.



### Share the Gospel and Rescue the One
Members and missionaries work together through ward and branch councils to maintain 15 names for baptism and activation.